# LUNGSOD AT LALAWIGAN NG SAN FRANCISCO

# Ordinansa para sa Pagtataguyod ng Kalusugan sa Airport (Healthy Airport Ordinance, HAO)

## PAUNAWA SA MGA EMPLEYADO NG PROGRAMA NG MGA PAMANTAYAN SA KALIDAD NG SAN FRANCISCO INTERNATIONAL AIRPORT [NOTICE TO SAN FRANCISCO INTERNATIONAL AIRPORT (SFO) QUALITY STANDARDS PROGRAM (QSP) EMPLOYEES]

(Epektibo ng: Hulyo 1, 2026 – Disyembre 31, 2026*)

Isang kontratista ng Lungsod at Lalawigan ng San Francisco ang inyong taga-empleyo, at ang kontrata ay saklaw ng Ordinansa para sa Pagtataguyod ng Kalusugan sa Airport (Healthy Airport Ordinance, HAO)—isang susog sa Ordinansa ukol sa Pananagutan sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Accountability Ordinance, HCAO). Para sa mga Airport Service Employees ng SF (mga empleyado ng QSP), inaatas ng HAO sa mga taga-empleyo na magkaloob ng ilang benepisyong pangkalusugan, magbigay ng mga kontribusyon, o magsagawa ng proseso ng paggastos sa pangangalaga ng kalusugan (health care expenditures) para sa mga empleyado o sa ngalan nila. Kung nagtatrabaho kayo para sa taga-empleyo ng QSP sa SFO, kayo ay sakop na empleyado. Walang pinakamababang oras ang kinakailangan para sa mga empleyado ng QSP upang maging kwalipikado sa mga benepisyong pangkalusugan na ito. Sa ilalim ng HAO, ang mga taga-empleyo ng QSP ay dapat pumili ng isa sa mga sumusunod na opsyon sa pagsunod sa batas:

1. **MAGBIGAY NG SUMUSUNOD SA BATAS NA PLANONG PANGKALUSUGAN NG PAMILYA (COMPLIANT FAMILY HEALTH PLAN) PARA SA MGA EMPLEYADO AT KANILANG MGA DEPENDIYENTE NA TUMUTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN NG PLANONG PANGKALUSUGAN**
   - Hindi bababa sa isang planong pangkalusugan ang dapat inaalok nang walang bayad sa empleyado at mga dependiyente.
   - Dapat magsimula ang pagkakasakop (coverage) sa unang araw ng buwan na magsisimula matapos ang 30 araw mula sa simula ng pagkaka-empleyo.

O

2. **MAGBAYAD NG $12.95 KADA ORAS NG PAGTATRABAHO SA CITY OPTION**
   Magbayad ng $12.95 kada oras para sa bawat oras na nagtrabaho (hanggang sa 40 oras sa isang linggo) sa City Option, na nagbibigay sa mga empleyado ng mga medical reimbursement account.

O

3. **GUMAWA NG DI-MABABAGONG HALAGA NG GASTOS SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN BATAY SA LAKI NG SAMBAHAYAN NG EMPLEYADO AT ORAS NG KANYANG PAGTATRABAHO**
   Gumawa ng mga di-mababagong halaga ng gastos sa pangangalaga sa kalusugan (irrevocable health care expenditures) para sa bawat sakop na empleyado o sa ngalan niya para sa mga oras na nagtrabaho sa SFO o malapit dito bilang bahagi ng QSP, ayon sa sumusunod na halaga:

| Laki ng Sambahayan | Rate ng Kada Oras na Nagtrabaho | Maximum Kada Linggo |
|---|---|---|
| Empleyado na walang Dependiyente | $6.17 | $246.80 |
| Empleyado na may 1 Dependiyente | $12.33 | $493.20 |
| Empleyado na may 2+ Dependiyente | $17.44 | $697.60 |

Kung kayo ay naniniwalang nilalabag ang inyong mga karapatan, tawagan ang Office of Labor Standands Enforcement (Tanggapan ng Pagpapatupad sa mga Pamantayan sa Paggawa) sa (415) 554-7903.

**Office of Labor Standards Enforcement (OLSE)**
**City Hall, Room 430**
**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place**
**San Francisco, CA 94102**
**www.sf.gov/olse-hao**

*Epektibo ng Enero 1, 2027, ang opsyon 3 ang magiging natatanging paraan ng pagsunod para sa mga taga-empleyo ng QSP.

Binago Ng Hunyo 2026